


Valley Transportation Authority

# *TALAAN NG IMPORMASYON: Mga Highway*

## Proyektong Ekstensyon ng US 101/SR 25/Santa Teresa Boulevard

### Pangkalahatang Ideya

Matatagpuan sa timugang bahagi ng Santa Clara County, ang proyektong Santa Teresa Boulevard Extension ay maglalaan ng bagong direktang koneksyon mula sa bahaging timog ng Lungsod ng Gilroy patungong US 101 at SR 25 at lalampasan ang kasalukuyang mga lugar kung saan nagkakaroon ng pagsikip ng trapiko sa bandang hilaga sa kahabaan ng US 101. Ang proyektong ekstensyon ay makadaragdag sa paparating na proyektong US 101/SR 25 interchange Phase 1 na mag-aalis sa kasalukuyang koneksyon sa pagitan ng Santa Teresa Boulevard at Castro Valley Road sa US 101.

Magtatatag din ang proyektong ekstensyon ng isang bagong koneksyon sa bike lane sa pagitan ng Gilroy, SR 25, at mga destinasyon sa timog na magpapahintulot sa mga siklista na maiwasan ang paggamit sa mga gilid ng US 101 sa lugar na ito gaya ng ginagawa nila ngayon, na magbibigay ng mas pinahusay na gateway ng koneksyon upang magpasigla ng paggamit ng bisikleta sa koridor na ito.




### Mga Layunin

- Magbigay ng bagong koneksyon ng sasakyan at bisikleta sa pagitan ng Santa Teresa Boulevard at ng US 101/SR 25 interchange.
- Bawasan ang pagsisikip ng trapiko sa US 101 sa pagitan ng US 101/SR 25 at US 101/Monterey Road na mga interchange
- Pahuhusayin nito ang lokal at panrehiyong access sa US 101 trade corridor

### Mga Tampok ng Proyekto

Magtatayo ang proyekto ng isang bagong koneksyon ng dalawang linyang kalsada mula sa Santa Teresa Boulevard, sa hilaga lamang ng Castro Valley Road, patungo sa paparating na proyekto ng US 101/SR 25 interchange Phase 1. Ang two-way Santa Teresa Boulevard Extension ay lalawak para maging apat na linya habang papalapit ito sa interseksyon ng SR 25/ Southbound US 101 upang tumugma sa iminungkahing lapad ng kalsada sa interchange. Magkakaroon ng mga bike lane ang kalsada sa magkabilang direksyon at mangangailangan ng muling pagtatayo ng interseksyon ng Santa Teresa Boulevard/Castro Valley Road.

### Iskedyul ng Proyekto (nakabinbin na pondo)

| | |
|---|---|
| Pangkapaligirang Pag-apruba | 2025 – 2027 |
| Pagkumpleto ng Disenyo* | 2027 – 2029 |
| Konstruksyon ng Proyekto* | 2029 – 2031 |

** Hindi pa natutukoy ang buong pondo.*

### Gastos sa Kapital/Pagpopondo ng Proyekto

Tinatayang nasa humigit-kumulang $50 milyon ang kabuuang gastos para sa proyektong ito para sa paglilinis ng kapaligiran, disenyo, pagbili ng lupa para sa right-of-way, at konstruksyon. Kasalukuyang pinopondohan ng pinagsamang pondo ng VTA 2016 Measure B at pederal ang environmental clearang na yugto ng proyekto.

Kakailanganing makakuha ng karagdagang pondo para sa mga yugtong lampas sa environmental clearance. Ang kabuuang gastos ng proyekto ay nakasalalay sa pangwakas na pagpapasya ng mga pagpapabuting itatayo.

### Mga Kapartner sa Pagpopondo

SBCOG Council of San Benito County Governments

Roads & Airports Dept. The County of Santa Clara

VTA

Caltrans

City of Gilroy

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**Community Outreach ng VTA**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
*www.vta.org/santa-teresa-extension*
*community.outreach@vta.org*